Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG HULYO 29, 1992 9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo :

Jesus M. Dimapilis	-	Pangalawang Punong Bayan Tagapangulo
Cesar T. Baticos	-	Kagawad
Honesto O. Taytay	-	-do-
Crisencio S. Calma	-	-do-
Juanito A. Bacay, Jr.	-	-do-
Ferdinand V. Talens	-	-do-
Bernabe S. Mortel	-	-do-
Cosme T. Moras, Jr.	-	-do-
Ranulfo C. Bernal	-	-do-

Hindi Dumalo:

Jesus S. Dela Cruz	-	Pangulo, ABC

KAPASYAHANG BLG. 30
Taong 1992

KAPASYAHANG MAPITAGANG HINIHILING SA KAGALANG-GALANG NA PUNONG BAYAN, GELACIO I. YASON NG MAAGAP NA PAGTATALAGA NG BAGONG PINUNO NG PULISYA SA BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, ang mga illegal na pasugalan ay patuloy at laganap dito sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro;

SAPAGKA'T, ang Resolusyon Bilang 27 na may petsang Hulyo 22, 1992 ay nagsasaad ng pagpapatigil ng jueteng at iba pang sugal subalit hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa naisasakatuparan ng OIC pinuno ng pulisya ng Bayan ng Roxas;

SAPAGKAT, ang Sanggunian Bayan ay patuloy na nakikipag-ugnayan sa OIC Pinuno ng Pulisya ng Bayan ng Roxas sa ganap na pagpapatigil ng jueteng at iba pang sugal subalit patuloy itong hindi binibigyan ng atensyon.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ranulfo C. Bernal at pinangalawahan ni Kagawad Juanito A. Bacay, Jr. -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Kgg. na Punong Bayan GELACIO I. YASON ng maagap na pagtatalaga ng bagong pinuno ng pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. GELACIO I. YASON, Punong Bayan, Roxas, Silangang Mindoro para sa kanyang maagap at masusing pagpapasiya.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito si Col. SERVANDO HIZON, Provincial Director at PNP Superintendent, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanyang kaalaman at kinakailangang aksyon.

Pinagtibay ng lahat.

Hulyo 29, 1992

PINATUTUNAYAN KO ang katotohanan ng nasasaad sa Kapasyahang ito.

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Tagapangulo

mbv/